

Pagtatangol at Paggawa ng Pagbabago

Malalaman ng mga kalahok ang tungkol sa konsepto ng pagsuporta sa adhikain sa pamamagitan ng pagtukoy sa isang isyu na nakakaapekto sa kanilang community at pagba-brainstorm ng dalawang pagbabago na gusto nilang makita sa hinaharap na tungkol sa problemang iyon.

Ano ang Advocacy?

Part One

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Maraming aspeto ng ating mga community at paligid ang pinahahalagahan natin. Siguro nagpapasalamat tayo sa ating mga kaibigan. Maaaring nag-eejoy tayong maglaro sa isang partikular na sports team. Marahil ay gustong-gusto natin ang pagkakaroon ng pagkakataong pakinggan ang bagong musika mula sa mga artist na gusto natin.

Gayunpaman, minsan may mga aspeto tungkol sa ating community na hindi gaano katanggap-tanggap sa atin. Siguro kakapatupad lang ng paaralan mo ng bagong patakaran sa pananamit, na nangangailangan ng mga mamahaling damit na hindi natin makakaya. Marahil ay sinusubukan ng hinalal na pulitiko na gumawa ng mga bagong batas na hindi isinasaalang-alang ang ating mga pangangailangan. Ang mga option ng transportasyon kung saan tayo nakatira ay maaaring hindi idinisenyo para dalhin tayo sa mga lugar kung saan tayo kailangang pumunta.

Halimbawa, napansin mong pinilit kayong lahat ng istasyon ng bus na sumakay nang tatlong bus at maglakad nang mahaba para makarating sa pinakamalapit na supermarket.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Paano mo maaaring baguhin iyon?

May mga tao ka bang malalapitan para tulungan ka?

Baka may mga kaibigan kang nararanasan ang ilan sa mga parehong problema na mayroon ka. Paano ninyo maaaring suportahan ang mga sarili ninyo?

Part Two

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Sa mga ganitong uri ng sitwasyon, kadalasan ay nararamdaman natin na maaaring mas gumanda ang mga bagay kung mababago natin ang nakakabahala sa atin. Ang kagustuhang manindigan sa pinaniniwalaan mo at gumawa ng pagbabago ay tinatawag na “advocacy.”

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Sa isang projection screen na nasa harap ng kwarto, suriin ang isang website na ginamit para sa advocacy. Bigyang-diin kung paano nagsimula ang pagpapakita ng

anyo ng advocacy sa pamamagitan ng mga tao, kadalasan ay kabataan, na nalaman na mayroong problemang nakakaapekto sa kanilang community at gustong gumawa ng isang bagay para subukan itong baguhin. Ang mga halimbawa mula sa konteksto ng United States ay kinabibilangan ng Fight For \$15 at ang Women's March. Ang mga halimbawa na may mas pandaigdigang saklaw ay kinabibilangan ng Global Voices, Greenpeace at World Wildlife.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ngayon, tutukuyin natin ang isang isyu sa iyong community na kinagigiliwan mo at ang ilang hakbang na magagawa mo at ng community para maayos ang problema.

Takdang Aralin

Takdang Aralin

Assignment

Hatiin ang mga kalahok sa 3 grupo. Bigyan ang bawat grupong kasali sa kasalukuyang session nang kahit dalawang buong araw, para 1) saliksikin ang problemang nakakaapekto sa kanilang community, tinutukoy ang kahit dalawang paraan kung paano nakakaapekto ang isyu sa kanilang community at dalawang paraan para posibleng maayos ang problema, at 2) bumuo ng poster na nagbibigay ng impormasyon sa nalamang isyu at mga posibleng solusyon na ipapakita nila sa mas malaking grupo bilang bahagi ng isang “gallery walk.”

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Sa iyong mga grupo,

1. Magsaliksik at tukuyin ang aspeto ng iyong community (ang isang “community” ay maaaring ang paaralan mo, lugar o lokal na grupo na kinabibilangan mo) na gusto mong baguhin. Maaari kang makipag-usap sa mga kaibigan mo, guro, at/o pamilya tungkol sa mga bagay na gusto nilang baguhin o tungkol sa mga problemang nakakaapekto sa kanila.
2. Gumawa ng poster. Ang mga poster na ginawa ng bawat grupo ay isasabit sa dingding at magkakasama tayong gagawa ng isang “gallery walk” kung saan tatalakayin ng bawat grupo ang problemang natukoy nila at kung paano ito aayusin.

Ang bawat grupo ay dapat tukuyin ang kahit dalawang paraan kung paano nakakaapekto ang isyu sa kanilang community at dalawang posibleng paraan para maayos ito.

Maging malikhain: kumuha ng mga litrato at i-paste ang mga ito sa poster [mainam, tiyaking may access sa printer ang mga kalahok] para ipakita ang problema at/o ang mga solusyon, o gumamit ng mga flowchart, graph at mga chart para pag-usapan ang lawak ng problema at/o ang mga solusyon.

Ang bawat poster ay dapat “nag-iisa” — sa madaling salita, ang poster ay dapat may sapat na impormasyon para matingnan o mabasa ito ng isang tao at maintindihan ang isyu at ang mga posibleng solusyon nang walang paliwanag ng miyembro ng grupo.

Assignment

Bigyan ang bawat grupo ng sapat na panahon para sumali sa pagsasaliksik at buuin ang kanilang mga poster. Tiyakin na makakausap ka para sa mga tanong at teknikal na suporta. Kapag nagsama-sama muli ang mas malaking grupo, ipasabit sa mga kalahok ang mga poster sa dingding, bigyan ng 20 minuto ang mas malaking grupo para maglakad-lakad at tingnan ang mga poster ng iba, pagkatapos ay magbigay ng mga 30 minuto para ipakita ng bawat mas maliit na grupo ang kanilang poster sa mas malaking grupo.